



AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## BATA MAY TANONG KA BA SA COVID-19? FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL

### Lesson 18

#### Pambungad

Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa **“Pag-iingat sa sarili”**. Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!

#### Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 18

Sources: World Health Organization & Department of Health

##### I. PAGBATI

Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher \_\_\_\_ 🧑🏫 🏠. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ? 🤔

##### II. ? KATANUNGAN SA ARAW NA ITO

Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Angel ng Alaminos, Laguna.

Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:

Teacher, bakit po kailangan kong maghugas nang maghugas ng kamay kahit po wala akong sakit?

##### III. 💬 PAG-USAPAN NATIN

Hi, Angel!

Salamat sa pagtatanong. 😊

--

Kaya tayo naghuhugas ng kamay 💧 🧼 🧤 dahil ang ating mga kamay ay maaaring humawak o makahawak ng bagay na maaaring kontaminado ng viruses, bacteria,

at germs 🦠. Nalilipat at nakakapasok kasi ang mga ito sa loob ng ating katawan kapag hinawakan natin ang ating mukha 🙄👤👤 - kinusot ang mata 👁👁 o di kaya'y hinawakan ang ilong 🤧👃 o bibig 🗑👄. At alam natin ang kasunod nito diba? 😞 Kapag may virus sa ating katawan, nanghihina tayo at naghahasik sila ng lagim sa loob ng ating katawan na nagdudulot ng sakit sa atin. 🦠😞

Pero, kapag naghugas tayo ng kamay 💧🧼🦠, namamatay ang mga viruses ❌🦠. Kung hindi naman tayo makapaghugas ng kamay 🧑♀️🧼🦠, pwede rin tayong gumamit ng alkohol na may 70% solution. 🦠➕ (Ang mahalaga, matanggal natin ang mga virus na nakakapit sa ating katawan. ❌🦠)

#### IV. 🦠 HAMON

Idagdag pa natin sa listahan ang pagpapalakas sa resistensya sa pamamagitan ng pagkain ng masustansyang pagkain, at pag-ehersisyo. 🌱🥦🥦🏋️♂️

Paalala lamang, ugaliin din nating magtakip ng bibig o ilong gamit ang tisyu, panyo, o loob ng siko. 🤧🧻🧼

Hangga't maaari, dumistansya rin tayo sa iba. Magbigay ng isang metro o tatlong dipang layo sa ibang tao. 🧑♂️—🧑♀️

At mainam ding linisin ang mga gamit sa loob ng ating bahay. 🧼🧼🧼🧼🧼🧼🧼🧼🧼

Ating tandaan na para sa ating kapakanan din ang mga pag-iingat na ito. Dahil ang ating malakas at malusog na pangangatawan ang magiging sandata natin 💪🦠 at ang malinis na kapaligiran ang ating proteksyon 🏠🛡️, laban sa COVID-19. 😊🗣️🦠

#### V. 💡 PAG-ISIPAN

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

- 🔍 Bakit tayo naghuhugas ng kamay?
- 🔍 Tama o Mali. Kung hindi makapaghugas ng kamay, gumamit ng alkohol na may 70% solution.
- 🔍 Papaano palalakasin ang resistensya ng isang tao?
- 🔍 Tama o Mali. Huwag dumistansya sa iba para hindi masabihan na maarte.

#### VI. 🙌 PANGWAKAS NA BATI

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. ➡️🧑🏠🏠🏠

Magkita-kita tayo ulit bukas para sa “Bata, may tanong ka ba sa COVID-19?”



Maraming Salamat sa pakiki-isa! 😊

–

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."